**HINTO**

# PAG-IINGAT PARA SA HIGH-LEVEL CONTAINMENT

(Bukod pa sa Mga Karaniwang Pag-iingat)

*Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa mga kawaning nars,*

## BAWAL ANG BISITA

**Dapat ay mayroong nakapagsanay na tagapag-obserba para sa pagsusuot at paghuhubad ng PPE.**

1) ***Gumawa ng talaan para sa pagpasok sa kuwarto*** *para sa pag-follow up kaugnay ng pagkalantad at pagtukoy sa mga naging contact.*
2) ***Magpatulong sa mga nakapagsanay na tagapag-obserba*****:** mga indibidwal na nag-oobserba sa healthcare worker (HCW) na nangangalaga sa (mga) pasyente, para sa anumang halatang kontaminasyon, pagkasira, o pagkapunit bago alisin at habang inaalis ang PPE at maaaring makatulong upang magbigay-tagubilin sa HCW tungkol sa mga hakbang para sa pagsusuot/paghuhubad nito. Kung ang tagapag-obserba ay tumutulong sa pag-aalis ng PPE/aktibong katuwang sa paghuhubad ng PPE, kailangan din niya ng PPE.
3) ***Bago Pumasok, ang Lahat ay dapat:***



**Maghugas o maglagay ng gel sa kamay. Gumamit ng pamahid sa kamay na may alkohol (ABHR) sa mga kamay na may guwantes bago at pagkatapos madikit sa pasyente o equipment.**



**Magsuot ng buong gown na hindi tinatablan o pinapasukan ng likido sa pintuan o pambungad na kuwarto nang sinusunod ang mga angkop na alituntunin sa pagsusuot at paghuhubad nito. Hindi dapat nakikita ang anumang bahagi ng balat.**



**Magsuot ng pamprotekta ng mata, face shield o goggles**



**Gumamit ng equipment na nakatalaga sa pasyente o disposable. Linisin at i-disinfect ang equipment gamit ang aprobadong disinfectant.**



**Magsuot ng mga panaklob sa bota na hindi tinatablan o pinapasukan ng likido na umaabot nang hanggang sa gitna ng binti.**



**Magsuot ng guwantes na umaabot hanggang braso. Dapat magsuot ng dalawang pares ng guwantes. Ang panlabas na guwantes ay umaabot dapat hanggang braso.**



**Gumamit ng respirator na aprobado ng National Institute for Occupational Safety and Health (NIOSH, Pambansang Institusyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho) (N95/PAPR/CAPR)**

***PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (PPE)***

***Sundin ang Mga Alituntunin para sa pagsusuot at paghuhubad ng PPE ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit).***

Washington State Hospital Association

Washington State Department of HEALTH

6/5/2024

**I-display sa labas ng pinto. Sa paglabas ng pasyente, alisin ang karatula PAGKATAPOS lubusang malinisan ang kuwarto.**

# PAG-IINGAT PARA SA HIGH-LEVEL CONTAINMENT

## PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (PPE)

***Sundin ang Mga Alituntunin para sa Pagsusuot at Paghuhubad ng PPE ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) sa panahon ng pangangalaga sa pasyente sa HLC.***

## PASABI NG CDC:

***"Sa lugar kung saan inaalis ang PPE, maglaan ng mga supply para sa pag-disinfect ng PPE at paglilinis ng kamay at espasyo upang makapag-alis ng PPE, kabilang na rito ang mauupuang lugar na madaling linisin at i-disinfect, kung saan puwedeng mag-alis ang mga kawani ng mga panaklob ng bota. Maglaan ng mga lalagyang hindi tumatagas para sa mga duming may impeksiyon, na mapagtatapunan ng ginamit na PPE. Madalas na linisin at i-disinfect ang buong lugar kung saan nag-aalis ng PPE, at tuwing matatapos ang mga healthcare worker sa proseso ng paghuhubad ng PPE.***

***Kung kailangang gamitin ng pasilidad ang bulwagan sa labas ng kuwarto ng pasyente bilang lugar kung saan mag-aalis ng PPE, magtayo ng mga pisikal na pangharang upang maisara ang bulwagan sa daloy ng trapiko at makagawa ng pambungad na kuwarto (tiyaking nakaayon sa mga fire-code ang espasyo). Paghigpitan ang access sa bulwagang ito at ilaan lang sa mahahalagang tauhang nakapagsanay nang wasto tungkol sa mga inirerekomendang kagawian sa pag-iwas sa impeksiyon para sa pangangalaga sa mga pasyenteng nangangailangan ng Pag-iingat para sa HLC.***

### MGA PATHOGEN NA LUBOS NA NAKAHAHAWA NA PUWEDENG MAGSANHI NG NAKAMAMATAY NA SAKIT GAYA NG:

- Viral hemorrhagic fever gaya ng Ebola virus
- Mga umuusbong na pathogen at nakahahawang sakit na may malalang kahihinatnan

### MGA PINGGAN AT KUBIYERTOS

- Gumamit ng mga **disposable** na tray at pinggan ng pagkain.

### PANGANGASIWA SA MGA SAPIN AT DUMI

- Isupot ang sapin sa kuwarto ng pasyente sa biohazard na bag, ilagay sa lalagyang hindi tumatagas at itapon alinsunod sa mga alituntunin para sa ***Category A*** o Category B Medical Waste para sa may kinalamang pathogen.

### PAGLILINIS NG KUWARTO

- Dapat i-disinfect ang mga surface gamit ang disinfectant ng U.S. Environmental Protection Agency EBA (Ahensiyang Tagapagprotekta ng Kapaligiran ng U.S.) na may label para sa may kinalamang pathogen. Linisin araw-araw ang mga surface sa lugar kung saan inaalagaan ang pasyente at ang lahat ng bagay na hinahawakan nang madalas. Dapat ay isagawa lang ito ng tagapag-alagang team bilang bahagi ng pangangalaga sa pasyente upang malimitahan ang bilang ng karagdagang healthcare worker na pumapasok sa kuwarto.

### PAGSASALUGAR SA PASYENTE

- ***Kailangan ang pribadong kuwarto***, na mas mainam kung may pribadong banyo at pambungad na kuwarto. Bigyang-priyoridad ang Kuwartong Pang-isolate para sa ng Impeksiyong nasa Hangin (AIIR) kung kailangan para sa may kinalamang pathogen.

### MGA EQUIPMENT AT SUPPLY

- Mahahalagang equipment at supply lang sa kuwarto.
- Gumamit ng equipment na nakatalaga o disposable kapag available.
- Linisin at i-disinfect ang equipment na ginagamit nang paulit-ulit/kuwarto ng pasyente gamit ang disinfectant na aprobado ng EPA alinsunod sa patakaran ng pasilidad.

### PAGLILIPAT

- Humingi ng payo tungkol sa pag-iwas sa impeksiyon o kalusugan ng publiko bago lumipat.

***ITIGIL LANG ANG PAG-IINGAT PAGKATAPOS HUMINGI NG PAYO TUNGKOL SA PAG-IWAS SA IMPEKSIYON.* Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.**

**420-591 April 2024 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov

Washington State Hospital Association

Washington State Department of HEALTH